# PHALLONOPTIC MALATE: A CRITICAL GAZE AT SPACE, VISUAL CULTURE AND PERFORMANCE IN THE STREETS OF OROSA AND BOCOBO, MALATE, MANILA

***Clod Marlan Krister V. Yambao***

**ABSTRACT**

*Phallonopticism comes from the confluence of the term "phallus" and "panopticon." I define Phallonotpicism as the configuration of gaze, power and desires specific to but not limited to male performances. By utilizing the term phallonopticism as a heuristic category for analysis, this paper attempts to analyze how Malate's urban spaces of consumption are gendered. It attempts to map the topography of male homosocial intersubjectivities and the production of desire, power and gaze through male performances, visual culture and structures. Orosa Street is known as the GLTB consumption district of Malate while just a block away, is Bocobo Street, where a "straight" and "heterosexual" male population dwell. The dominance of male homosociality along the said streets has been established through research findings from 2002 - 2007. Through the confluence of political- economic discourse and psychoanalysis this paper will argue that Malate's urban spaces inform the male subject construction and formation. Furthermore, male homosocialities in both streets activate the production and consumption of gendered spatial politics through complex forms of surveillance, discipline, resistance, and subversion from its stakeholders such as state institutions, the market and Malate's public.*

Keywords: *spatial politics, gender, sexuality, performances, masculinity, queer and culture industry.*

# *PHALLONOPTIC MALATE*: KRITIKAL NA PAGTINGIN SA ESPASYO, BISWAL NA KULTURA AT PALABAS

## INTRODUKSIYON

Taong 2003 nang sumikat ang kantang pandiskong "Happy" ng Square Heads sa Kalye Orosa na matatagpuan sa Malate, isang distrito sa Maynila. Narito ang orihinal na titik:

*Happy*
*I am feeling so happy*
*You make me so happy*
*Can´t you see I´m happy now*

Pero may mas popular na bersiyong kinakanta ang mga tao, isang korong umaalingawngaw sa halos lahat ng mesa nang may kasama pang pag-indayog:

*Happy*
*Ang daming lalaki*
*Ang daming lalaki*
*Ang daming lalaki*
*Hada!*[1] *Hada! Hada na!*

Sumasaliw din ang pulso ng mga kumakanta sa makukulay na ilaw, palamuti ng establisimyento, nakapormang katawan, at mga ibinibentang produktong lalo pang nagpapaigting sa gabi. Hudyat na buhay na naman ang kasiyahan sa Malate. Gising na gising ang mga kalye ng Bocobo at Orosa na antukin sa araw. Karaniwang malakas ang komersiyo sa Malate tuwing Biyernes at Sabado.

Ang bersiyon ng "Happy" at tagpong pinagsasaluhan ng mga bakla[2] ay hindi simplistikong umiinog sa diskursong pang-Malate lamang dahil masisipat ito sa kritikal na diskurso ng seks, kasarian at seksuwalidad. Nagtatagpo ang mga kontradiksiyon, tunggalian, o pagsang-ayon sa mga diskursong panlipunan. Sa mga pagtatagpong ito ay nakaangkla ang mga kultural na praktis ng kasarian at kasiyahan na dominante, residwal o di kaya ay umuusbong na kaayusang panlipunan o praktis.[3] Pagtutuunan dito sa papel ang lalaki bilang kategorya ng kasarian at ang kumpigurasyon ng hada bilang palabas[4] sa Kalye Bocobo at Kalye Orosa ng Malate, Maynila.

Ang "paghada" bilang aktibong pagganap ay maituturing na perpormatibong literal ng isang katawan upang makahanap at makatagpo ng isang espesipikong pinagnanasaan na nakalulan sa panahon at espasyo. Sa paghadang ito, namamayani ang subhetibong mekanismo ng bisibilidad at pagnanasa sa katawan. Eksibisyonaryo ang modang ito ng katawan na may katangiang *ephemeral* lalo na kung may disrupsiyon ng otoridad. Madaling pakahulugan sa hada ang "paghahanap ng mapagnanasaang katawan." Gayumpaman, kailangang isaalang-alang rin ang politiko–ekonomiyang ugnayan ng nanghahada, hinahada, o nagpapahada. Ang mga paraan ng pagkilos, anyo ng katawan, panlipunang disposisyon, espasyong kinalalagyan, panahon, at sitwasyon ay bahagi ng ekonomiya ng paghada. Kung ilalapat ang pagnanasa at pagtingin bilang operasyonal na aparato nito, masasabing hindi ito maililimita bilang pambakla lamang dahil ang lahat ng nakikita o sumasakop ng espasyo ay bahagi ng politiko-ekonomiyang kaayusan.

Sa mga kalyeng ito ng Malate ay may pagsasalo ng mga personal at sosyal na paghubog ng mga identipikasyon ng mga lalaki. Nagkakaroon ito ng iba't ibang katangian, seksuwalidad, at kaanyuan na may pakikipagtunggali, pakahulugan, produksiyon, at biswalidad ng espasyo. Ang lalaki bilang ahente ng paghada ay may kakayahang magkonstrak ng mga espasyo bilang teatrikong entablado ng palabas. Ang palabas ay kapuwa naglalahad ng espektakulo at nagpapalabas ng emosyon (emotional output).[5] Ang pamumuhunan sa pagpapalabas ng kalooban o emosyon ay mahihinuhang isa ring uri ng pagnanasa at pagtingin.

Una, nais kong sipatin ang konsepto ng tingin bilang isang uri ng ideolohikong aparato ng mata. Interesante ang mga pakahulugan ng tingin at ang paglapat nito sa karanasang kognitibo at emosyonal. Mahalaga ang nilalaman ng panlipunang pagdalumat sa salitang pagtingin at lapit nito sa usapin ng pagnanasa. Ang pagtingin ay politikal at aktibong nagmamapa ng mga topograpiya ng kapangyarihan at pagnanasa upang maging reapirmasyon ng pormasyon ng sarili. Ang pagnanasa ay hindi lamang tumutuon sa usaping seksuwal kundi maging sa dimensiyong historiko, politikal, ekonomiko, at kultural. Tumutuon din ito sa panlipunang puwersa at pandamdaming interes tulad ng galit, dahas, pagmamahal, at paghahangad na humuhubog ng mga relasyong pantao.[6]

Ang mga pagbubuklod ng mga lalaki sa kalye ay hinahabi ng iba't ibang pagnanasang homososyal. Ang mga

homososyalisasyong ito ay maaaring praternal na nagbubunsod o mekanismo ng patriyarkalismo. Dagdag pa sa pagninilay ni Neil Garcia kay Eve Kosofsky,

> … the institution of masculinity in itself is fundemantally homosocial—which is to say it is founded upon a male-male bond. According to this view, patriarchy itself is a system of relations of exchange between groups of men. What distinguishes homosociality and homosexuality is that the former is comprised of men who further each other's interest as men, while in the latter case men are accomplishing this same task at the same time that they love and desire each other. (1998, 171)

Ang mga lalaki at hadahan sa dalawang kalye ay binibigkis ng homososyalisasyong ito sa espasyo na siya ring espasyo ng mga ironiya, tunggalian, at sala-salabat na asimetrikong relasyon ng kapangyarihan. Kung pumapaloob sa usapin ng tingin at pagnanasa ang personal at puwersang panlipunan, samakatwid ay dito nananalaytay ang mga relasyon ng kapangyarihan. Ang kapangyarihang tinutukoy sa tekstong ito ay hindi lamang ang produksiyon ng represyon o opresyon ng mga kasarian, kundi maging ang kapangyarihan bilang produktibo. Ayon kay Michel Foucault sa kaniyang pagdalumat sa kapangyarihan,

> What gives power its hold, what makes it accepted, is quite simply the fact that it does not simply weigh like a force which says no, but, that it runs through, and it produces things; it induces pleasure, it forms knowledge, it produces discourse; it must be considered as a productive network which runs through the entire social body much more than a negative instance whose function is repression. (Foucault kay Garcia, 1979)

Sa ganitong tagpo, sa halip na tingnan ang (pagka)lalaki bilang kabuuan o henenaralisasyon ng agarang pagmamarka bilang patriyarkal, naghahanap ito ng mga diskurso at epistemikong pag-aangklahan upang lubusang himayin at kritikal na tingnan ang produkto nitong karahasan sa iba pang kasarian, ang maaaring pinanggagalingan nito, ang paghahanap ng interseksiyon ng pagbagtas mismo ng patriyarkalismo at re-konstruksiyon ng pag-intindi sa pagkalalaki.

Sinisipat ng tekstong ito ang (pagka)lalaki bilang isang diskurso na nakaangkla hindi lamang sa panlipunang kategorya ng kasarian kundi pati na rin seksuwalidad, uri, lengguwahe, etnisidad, politiko-ekonomiko, at kultural na dimensiyon ng praktis. Iminamapa nito ang topograpiya ng espasyo bilang lunduyan ng *kapangyarihan, pagnanasa,* at *pagtingin*. Ang tatlong modang ito ang bumubuo ng kategorya ng analisis na nais kong ilalatag, ang phallonopticism.

## ANG PHALLONOPTICISM BILANG KATEGORYA NG ANALISIS

Ang phallonopticism ay ang pinagsamang *phallus* at panoptikon. Ang pagsasama ng dalawang salita ay nagpapakita ng kondisyong panlipunan na kaakibat ng palabas ng lalaki. Ang paghulma ng mga interdisiplinaryo at transdisplinaryong pamamaraan ng pag-analisa sa panlipunang kondisyon ay ituturing na bahagi ng produksiyon ng kaalaman mula sa mga politika ng mga salita na nakakubli o ikinubli ngunit maaaring mahimay bilang materyal at kultural na kondisyong panlipunan.

Ang phallus ay sinasabing nagmula sa disiplina ng sikoanalisis. Karaniwang ikinakabit ang phallus sa ari ng lalaki bilang isang unibersal, monolitiko, at ahistorikong lengguwahe. Ang nosyong ito ay binasag ni Luce Irigaray, isang peministang Pranses na bahagi ng *ecriture feminine*. Para sa kaniya ang phallus ay "produkto ng relasyon ng kapangyarihan."[7] Ito ay konstruksiyon lamang, hindi ahistoriko at nagmula sa maskulinistang pagtingin ni Freud. Gamit din si Freud, pinagnilayan ni Rolando Tolentino ang konsepto ng phallus bilang mito ng pagkalalaki. Aniya, "Ang lalaking ari (phallus) sa lumang lipunan ay may praktikal at simbolikal na gamit. Ngunit sa pagbabago ng paraan ng produksiyon, ang ari ay itinago, ipinagbawal ang lantarang pagdispley, pagtingin at pagbusisi. Sa kalaunan, ang ari ay naging simbolo ng [panlalaking] kapangyarihan." (2003, 254) Ang phallus, samakatwid, ay signipikasyon lamang ng kapangyarihan.

Ang panoptikon naman ay isa ring historikong produkto ng praternal o patriyarkal na pagsasandig sa lipunan nasyon. Si Jeremy Bentham ang nagkonsepto ng panoptikon bilang isang arkitekturang pangkulungan. Pabilog na kulungan itong may tore sa gitna. Ang tore ay siyang nagmamatyag[8] at nagdidisiplina sa bawat

hindi kaiga-igayang galaw ng mga preso. Ang panoptikon ay itinuturing na "disciplines of imagined scrutiny" (Bentham kay Friedberg 1998, 254). Ang pagmamatyag at disiplinang inihahain ng panoptikon ay relasyong pangkapangyarihan ng mga inter-subhetibong tumitingin, tinitingnan, at inaakalang tinitingnan.

Hiniram ito ni Michel Foucault upang ipaliwanag ang dimensiyon ng kontrol at disiplina sa lipunan. Ang panoptikon ay hindi lamang isang makinarya sa kulungan kundi pati na rin sa intersubhetibong relasyon ng kapangyarihan sa bawat indibidwal sa pang-araw-araw na karanasan na maaaring nagbubunsod ng mga *pagpoposisyon ng sabdyek*. Ani ni Foucault,

> With panopticism, something altogether different would come into being; there would no longer be inquiry, but supervision and examination… A constant supervision of individual by someone who exercised a power over them. (Foucault 2000, 58-59).

May kaugnayan ang phallus at panoptikon. Una ang pagtuturing at paggamit na metapora sa panoptikon bilang kaporma at kaanyo ng phallus na isang pahabang tore at bilang signipikasyon ng otoridad. Ikalawa, kapuwa naghahayag ito ng kaayusan at disiplina. Ang phallus ay iniuugnay sa patriyarkal na kaayusang panlipunan na binansagang "phallogocentrism" o "phallocentrism" na siyang kontensiyon sa usapin ng kapangyarihan sa pagitan ng babae at lalaki. Ang panoptikon naman ay isang sistemang pangkaayusan ng pagdidisiplina sa mga presong lumalabag sa batas. Ang mga preso ay nagiging produkto rin ng kaayusang panlipunan, ang paghihiwalay sa normal bilang publiko at sa *deviant* bilang tago o pribado. Ikatlo, ang paghimay ng dalawang ito ay ang paglabas ng mga kumpigurasyon ng mga diskurso sa tingin, pagnanasa, at kapangyarihan.

Kung isasalin ang phallus at panoptikon sa pang-araw araw na buhay, pumapasok dito ang integral na papel ng pagtingin, pagnanasa, at kapangyarihan bilang aparato ng mga kaayusan na humahabi at sumusuhay sa mga estratehiko at/o taktikal na pagpapalabas ng lalaki sa usapin ng disiplina at pagmamatyag, pag-aaklas o pagsang-ayon, bilang pagbibigay ng kasiyahan sa mga pagnanasa sa sarili at iba, at pagbuo ng umuusbong na gawi ng lipunan.

Ang mga panlipunang disposiyon ng mga tao ay maaaring nagpapabatid ng phallonopticism bilang kumpigurasyon ng pagtingin, pagnanasa, at kapangyarihan. Ang agarang kaligirang kinalakihan, lengguwahe, pamilya, propesyon, at edukasyong nakamit na para kay Pierre Bourdieu ay isang "habitus."[9] Kung bibigyan ng metaporikal na ilustrasyon ang mga disposisyong ito bilang subhetibong phallonoptic, isang tore itong ang bawat taas ng signipikasyon ng pagtingin, pagnanasa, at kapangyarihan ay binubuo ng mga bloke ng bato na yari sa iba't ibang pang-ahensiya, kultural, sosyal, pisikal, intelektuwal, ekonomikong kapital na siyang nagdedetermina ng taas at tibay ng tore.

Nais kong ilatag ang ilang katangian ng phallonopticism:

- Ito ay kultural at historiko.
- Ito ay sitwasyonal.
- Ito ay porma ng pagmamatayag sa sarili at bilang pagmamatyag sa "iba."
- Nakadepende ito sa pangangailangan ng tumitingin, samakatwid, ang mga simbolismo ng imahen at representasyon ay *nade-decode, nare-reinforce,* at *nade-deconstruct.*
- Ito ay may proseso ng eliminasyon, seleksiyon at adisyon ng kapangyarihan, pagnanasa, at pagtingin
- Ang phallonoptic ay nakadepende sa pagtingin sa katawan, porma ng kaalaman at panlipunang katayuan, pangamba o eliminasyon ng anxiety, at panlipunang regulasyon.
- Ito ay ang kompetisyon at palitan ng pagtingin na may negosasyon, pagpapahiram, eksploytasyon, at pag-abuso (epistemiko, simboliko, o pisikal)
- Ito ay pabago-bago, *fluid,* at *flexible*

Ang salitang phallonoptic ay isang kategorya ng analisis na interkonektado sa produksiyon o opresyon ng kapangyarihan, pagtingin at pagnanasa sa iba pang mga ahensiya. Ang phallonoptic ay posibleng paghimay sa produksiyon ng patriyarkal na lipunan o pag- analisa sa pagbibigay boses sa mga lalaking nailagay sa laylayan dahil sa hegenomiko at namamayaning politiko-ekonomiya na hindi maitatatwang patriyarkal. Gayundin, isa ring kontemplasyon ito kung paano binibigyang rekonstruksiyon at re-imahinasyon ang ideolohiya ng pagkalalaki mula sa diskurso ng mga lalaki sa dalawang

kalye. Ang kontra-kulturang galaw ng mga namamayaning "gay" sa Kalye Orosa ay humihingi ng lehitimong espasyong mahihingahan sa pagtataguyod nito sa kanilang karapatan at ang subkulturang mga lalaki sa Kalye Bocobo na palagian na lamang pinagsususpetsahan ng aparato ng kontrol ay kapuwa bumubuo ng kanilang pagkalalaki habang binabasa(g) ang pagkalalaking nagdudulot ng simboliko, pisikal, at epistemikong karahasan sa kanila.

Kritikal na tuon ng teksto ang perpormatibong homo-sosyalisasyon ng (pagka)lalaki sa mga kalyeng nabanggit na pinag-aralan mula 2003 hanggang 2007. Epistemikong tutuhugin nito ang ang dinamikong kumpigurasyon, identipikasyon, at representasyon ng "(pagka)lalaki," *phallonopticism* at mga koneksiyon nito sa *site/sight* na espasyo, ang Malate.

## ANG PHALLONOPTICISM BILANG HISTORIKONG KATEGORYA

Ang kabuuang kasaysayan ng Malate ay may malawak na naratibo na nangangailangan ng hiwalay na pag-aaral at pagtutuon. Kaya pahapyaw lamang ang pagsalaysay sa tekstong ito na makakatulong sa pagdalumat sa phallonoptic bilang historikong kategorya.

Isang distrito ng Lungsod ng Maynila ang Malate na karatig ng Look ng Maynila, nasa timog ng mga distrito ng Ermita, Intramuros, at Bagumbayan (ngayon ay Rizal Park), at kanluran ng Paco, Singalong, at San Andres Bukid. Dating sapa ang Malate na ginawang tuyuan ng asing-dagat (o alatan) mula sa tubig ng look. Kaya binansagang "maalat" ang lugar. Sa katagalan tinawag itong Maalat bukod pa sa Mahalat, Malahat, Malata, at Malatte.

Malaki ang pagsisilbi ng espasyo ng Malate bilang tirahan at bakasyunan ng mga dayuhang nanatili sa bansa panahon pa man ng kolonyalismong Kastila at Amerikano. Nagsilbing bahay bakasyunan ito ng mga paring Agustino na siyang nagtatag ng Nuestra Señora de Remedios. Dito rin lumipat ang mga maharlika at Tagalog na napaalis mula Intramuros at humawak ng mga posisyong lokal.[10]

Noong Setyembre 23, 1762, sinalakay ng mga Britong sundalo mula sa India ang Maynila sa pamumuno ni Brigadier General William Draper.[11] Sa parte ng mga Espanyol, pinamunuan ni Manuel Antonio Rojo, ang Arsobispo ng Maynila at itinuring ding Gobernador Heneral ng panahong iyon ang paglaban sa mga

Briton. Sa lugar ng Malate lumusong ang Briton. Mula sa kampanaryo ng Agustinong Simbahan ng Malate, pinagmasdan at ginabayan ng mga Briton ang matagumpay na pagsalakay ng Intramuros.

Nang dumating ang mga Amerikano sa Digmaang Kastila-Amerikano noong Hunyo 1898, sa baybayin ng Malate lumusong ang mga ito.[12] Hindi rin naglaon ay nagmistulang *American suburbia* ang Malate, tinitirahan ng mayayaman ng Maynila.[13] Noong panahon ng Hapon, marami ring naitalang kaso ng panggagahasa sa mga babae sa dakong Malate. Sa Malate rin makikita ang makasaysayang estruktura na *cuartel de Malate*, isang baraks ng mga militar na Espanyol, at pagkaraan, ng mga Amerikano. Ito ay isang konsentrasyon ng kapangyarihan ng otoridad ng mga militar.[14] Naunang nakilala ang Ermita bilang distrito para sa *nightlife* at industriyang kultural bago ang Malate. Palibhasa'y malapit dito ang ilan sa kalakalan at transaksiyong internasyonal tulad ng Embahada ng Estados Unidos, pier, Rizal Park, at ang Malate bilang distritong residensiyal.

Naging laganap ang industriya ng turismong sex sa Ermita noong dekada 1970 pa lamang. Ang ilang patron at establisimyento ng Ermita ay lumipat sa Malate. Kaugnay ito ang pinaigting na plataporma ng Mayor noong si Alfredo Lim na burahin ang prostitusyon sa distrito ng Ermita noon namang dekada 1990.

Kumalat ang industriyang kultural sa ilan pang paligid ng Remedios Circle at kalye Adriatico. Sa Orosa itinayo ang Pepe and Pilar, Joy, Café Breton, at Sexes na naging Mint. Sa Kalye Bocobo naman, mula sa Kalye ng Pedro Gil na malapit sa Ermita at Robinsons Manila ay sinasabing parteng "D.O.M" distrito na katatagpuan ng Ratsky's, Earport KTV at Caffe Razzo (Ongpin 2001, 69).

Sa pabuod na kasaysayang ito ng Malate, makikita ang homososyal na rehimen ng kapangyarihan ng mga lalaki na bumuo ng pundasyon ng Malate ngayon.

## Ang phallonoptic ay sitwasyonal

Integral ang elemento ng panahon, espasyo, at ng katawan sa paghubog sa sitwasyonal na palabas ng mga lalaki sa dalawang kalye na pangunahing paksa nitong papel. Nabubuhay sa gabi, topograpikal na tago ang mga kalye nito at kinakailangan pang

pasukin upang matanto, at mainit sa mata ng otoridad dahil kuwento rin ang mga kalye ng pakikipagtunggali sa usapin ng *raid* at bagansiya. Kung may ganitong sitwasyon, paano nagkakaroon ng pagbaliktad ng kapangyarihan ang mga taong gumagamit ng espasyo? Paano kumakawala o pinalalabo ng mga lalaking ito ang parametrong iginuhit ng namamayaning kaayusan? Ang parametrong kubli, liblib, dilim, at anino ay mapaglulunan din ng kanilang kapangyarihan, lumalakas na kolektibismo, at paggigiit ng kanilang identidad.

Ang gabing tinatakpan ng dilim at masasabing hindi lubusang aktibo ang mata ng normatibong kaayusan ng lipunan ay pagkakataon para sa kanila upang masilayan ang kaliwanagan ng kanilang pagkatao, ang katotohanan, at pagkatao nilang hindi nakikita sa liwanag[15]. Ang gabi ay isang maskara na naglalantad ng kanilang perpormatibong kaakuhan, sa Orosa ang pagpapalabas ng mga homososyal at homoseksuwal na pagnanasa at sa Bocobo ang mga homososyal na interes, angas, at agresyon sa kapuwa lalaki. Umiigting sa dilim na ito ang pinagsasaluhang lengguwahe at karanasan, mga pangarap, samahan, at pagnanasa.

Naitatampok ang kadiliman ng panahon sa kalyeng ito na hindi lamang lagusan o patay na espasyo. Aktibong iminamapa dito ang katawan ng mga ahensiya at ang espasyo ay nagiging diskurso at politikal na representasyon. Ang pribado at publikong pagkakahati ng espasyo na inilatag ng ideolohiyang patriyarkal ay nananaig sa mga kalyeng ito.

Ang pag-organisa ng espasyo ay siyang humuhubog sa identidad ng gumagamit nito gayundin kung paanong ang gumagamit nito ay siya ring nagbibigay kahulugan at nag-oorganisa ng espasyong kaniyang kinalalagyan. Ang *gendered* na espasyo ay may relasyong ekonomikal sa gumagamit na namumuhunan ng mga materyal at sosyal na kondisyon at karanasan, kahulugan, at alaala. Mahihinuha ang pagbuo ng gendered na espasyo sa naratibo ng kasaysayan ng Malate. Naipakita ang papel ng lalaki na nagmistulang espasyo mismo ng tunggali at/o *conspiracy* sa paglalahad ng patriyarkiya nito. Nagkaroon pa sa Kalye Orosa ng samahang tinawag na "Velvet Mafia." Kasapi dito ang mga may-ari mismo ng mga establisimyento ng kalye. Inoorganisa nila ang mga inaabangang malakihang kasiyahan sa kalye para sa mga kliyente. Dahil may mekanismo at makinarya ng kapital, may kakayahan silang humubog ng espasyong maglululan sa katawan ng mga gagamit.

Dinalumat ni Edson Cabalfin ang konsepto ng "mala-baklang espasyo" bilang *multifunctional* na espasyo. Inihahanay niya ang espasyong ito bilang balintuna, naiisantabi, at lehitimo. Makikita sa kalyeng ito ang iba't ibang gamit sa espasyo hindi lamang bilang sentro ng monetaryong kalakal ng kasiyahan, pati na rin ng repositoryo ng alaala at pinangarap (*imagined)* na komunidad.[16]

Bago pa man magtagpo ang mga katawan sa espasyo ay kalimitang nagkukrus na ang mga landas ng mga ito. Gamit ang mga makabagong teknolohiya o di kaya ay ilan pang espasyo. Sa Orosa ang pagtatagpo ay maaaring nagsisimula sa internet at *gay websites, internet chatting* o *Mirc channels* o mga *fitness gym* at *coffeeshops*. Sa Bocobo naman ay kalimitang inoorganisa ang mga *grand eye ball* sa pamamagitan ng *texting* mula sa pakulo ng mga *network providers* na CLAN o di kaya ay *textube* sa telebisyon. Ang ilan ay nagmula pa sa malalayong lugar sa labas ng NCR.

Interesante kung paano ginagamit ang espasyo sa pagpapaigting ng phallonopticism. Halimbawa nito ang "palikuran" o CR ng lalaki sa BED,[17] na nahahati sa dalawang lagusan. Nahahati naman ang loob ng isang malaking *aquarium* na nagsisibing pader. Dito rin nakatapat ang *urine canal* na kapag may gagamit sa magkabilang bahagi ay tapatan o "harapang" makikita ang isa't isa. Tila ito isang *homorium.*[18] Tanging ang maselang bahagi ng katawan lamang ang maaaring matakluban ng sementong pader na sumusuporta sa aquarium. May mahabang sofa sa loob na puwedeng pahingahan na nakatapat rin sa aquarium. Mula sa sofa, ang pagsipat ng pagnanasa ay may lalim at dimensiyon dahil nakikita rin nito ang lalaking nakatalikod na gumagamit ng urine canal at ang repleksiyon nito sa bubog ng aquarium, at ang lalaking nasa kabilang bahagi ay tumatagos ang imahen sa aquarium na nakaharap sa sofa.

Sa Bocobo naman ay multifunctional ang gamit ng mga estruktura dahil ang mga dating residensiyal na bahay ay ginawa na ring establisimyento. Ang *parking slot* sa bahay at *carwash* ay naging bar. Napapalawak ang mga bahagi ng bahay upang bigyang akomodasyon ang mga nais magsaya tulad ng CR, ikalawang palapag, ekstensiyon na bubong na lumalampas sa Kalye. Sa tapat ng Pyke Jam's ay ang gilid ng *liquor store* na *Cognac*. Ang pagitan ng nabanggit na establisimyento ay ang Kalye Alonzo. Sa Kalye Alonzo sa pagitan ng dalawang establisimyentong Pyke Jam's at Cognac ay nakatumpok at nakatambay sa kalye ang mga lalaki.

Ang pangkalahatang sitwasyon sa Kalyeng ito ay hinubog ng kita, ginagawang ideal na espasyo bilang nang-eenganyo ng espesipikong market. Pero kung tutuusin sa kabila ng pamumuhunang ito ay estratehikong bumubuo pa ng iba't ibang espasyo ang mga gumagamit nito na maaaring hindi naman tumutugma sa layunin ng kapitalismo. Katulad sa Kalye Bocobo kung saan hindi naman talaga pumupunta ang karamihan ng tao sa komersiyal na establisimyento, kundi tumatambay lamang sa gilid ng Kalye Bocobo at Kalye Alonzo at nakikipakinig ng musikang ineere ng mga establisimyento. Ang kalyeng ito sa pagdaan ng panahon ay tila naging isang simbolikong espasyo na repositoryo ng kanilang alaala, karanasan at pagdiin sa pansariling identipikasyon at functional na espasyo na hasaan ng iba't ibang interes at pagnanasa. Sabi ng isa kong kausap sa Kalye Bocobo, aktibista sila at hindi anarkista.[19] Hindi umaayon sa sistema ng pamahalaan pero hindi pa ng konsumerismo. Kung tutuusin ang proksemika (*proxemics* o pag-aaral sa interpersonal na relasyon batay sa espasyo) ng mga interpersonal na relasyon ng mga lalaki sa Bocobo ay mas madikit, mas mainit ang pagtanggap, at may lapit kaysa sa mga lalaki sa Orosa. Ang naghihiwalay lamang sa lapit ng proksemika ng mga tao sa Bocobo ay ang homososyal na interes at hindi seksuwal na pagnanasa.

## Ang phallonoptic ay pagmamatyag sa iba at sarili

Ang paghubog ng sarili ay interkonektado sa mga nakikita dahil hinahabi nito ang mga kahulugan at representasyon sa kaligiran. Ang paghubog na ito ay siyang nagdidiin sa dikotomikong relasyon ng sarili at ng iba. Nagreresulta ang pagmamatyag sa pagkamal ng mga kaalaman upang maging estratehiko ang paglulugar ng sarili - malay man o hindi - na sa kalauna'y pagkamal ng kapangyarihan at reapirmasyon bilang lalaki. Bilang implikasyon, humuhubog ito ng pagdidisiplina, negosasyon, at pag-aaklas sa sarili at iba. Makikita ang mga manipestasyon ng pagmamatyag sa uri pangangatawan ng mga lalaking gumagamit ng espasyong puno ng "kasiyahang biswal."

Karamihan ng mga bakla sa Orosa ay nag-aayos ng pinakamaganda nilang sarili. Sa normatibong kaisipan, hindi mahahalatang nagnanasang seksuwal sa kapuwa lalaki ang mga tao. Ang karamiha'y brusko, *macho*, nakahapit na damit o polo, *sleeveless* o sando. Matingkad at matikas ang ilang kulay. Maporma ang mga sapatos, *fitted* ang pantaloon,[20] at ang buhok ay sunod sa uso.


Metroseksuwal ang dating. May merkado rin ang taong tinatawag na "er."[21] Ang pagnanasa sa espasyong ito ay pinapalibog ng katawan sa pamamagitan ng pagtingin. Nagiging bisibol pang lalo ang katawan kung kaaya-aya sa mga nagnanasa. Hindi maitatatwa na ang kalakarang ito ay isang uri ng narsisismo pero para sa kanila ito'y pangangalaga sa sarili. Ang paghada ng katawan na mabenta ay hinahasa sa mga fitness gym, beauty store, at bilihan ng damit na nagtatanghal sa billboard ng mga sinasabing makabagong lalaki, ang mga metroseksuwal. Lalaki man ang ninanasa, ang merkado nito ay ang pagkalalaki, ang mistipikasyon at mito ng pagkalalaki (Tolentino 2001) na ang naging batayan ay ang laki at tikas ng katawan o ang umbok ng harap at galaw ng pagkalalaki, sa madaling sabi, ang tipikal na kanluraning anyo ng seksuwalidad, ang *gay*.

Ang ganitong mga manipestasyon ay inaasahan na dahil may gayong kamalayang umiiral sa espasyong ginagalawan at may malawak na palitan dito ng pagnanasa sa katawan na suhestibong pinaigting ng iba't ibang elemento ng tunog, ilaw, imahen ng kalye, at establisimyento. Inaasahan na matyagan din ang sarili upang mabigyang lokasyon sa mga bentahan ng tingin na siyang isa sa mga kaginhawaang nakukuha sa pagkonsumong ito. Ang satispaksiyon sa hinahangad na pagnanasa ng iba sa sarili ay kalauna'y humuhubog sa katawan bilang *auto-erotica* o "scophophillia" (Mulve 1975, 6-18), ang kaligayahan na tingnan ang sarili at matingnan ng iba.

Tulad ng operasyon ng panoptikon, may epekto ng pagsasanatural ang pagmamatyagang ito, dito, inaasahan na ang kultura ng tinginan bilang manipestasyon kung saan ang mga katawang tinitingnan ay nadidisiplina ng mga estruktural at intersubhetibong salik na lumilikha ng mga imahen sa mga naghahangad at hinahangad na pagnanasa at interes sa sarili at sa iba.

Sa kalye Bocobo, makikita naman ang iba't ibang tao, mga estudyante ang karamihan. Iba't iba ang kanilang *fashion statement* tulad ng *rocker, punk*, metal, trasher at *gothic*, o emo na pawang batay sa mga fashion statement o musika na apropriyasyon ng kanluraning kulturang popular. Nangingibabaw sa panulukan ng Kalye Bocobo at Kalye Alonzo ang kulay itim dahil ito ang paboritong kulay ng kasuotan at kulay ng kuko sa daliri, mapalalaki man o babae. Kitang-kita din ang mga *body pircieng* sa bibig, dila, pusod, o di kaya ay sa malaking butas sa tenga. Tinaguriang bandila ang kulay na itim sa espasyong ito. Matatagpuan dito ang tinatawag na *clan/tribe* o grupo. Makikita na nakatambay sila sa madilim na kalsada. Ang iba naman ay pumapasok sa bar. May mga nakatsinelas

o Converse na sapatos, laslas ang pantalon, o bag. Mayroong may dalang gitara at iba pa.



Larawan 1. *Mga nakadisplay na manikin* (kaliwa) sa *homorium*[22] *ng Pride Exhange sa Kalye Orosa. Tila may pagkakapareho ang mga manikin na ito sa ikonograpiya ng sining Griyego base sa idealisasyon ng katawan at ang kontra-posto ng tindig at tikas. Ang mga manikin na ito naman ay tila sumasang-ayon sa suot ng karamihan ng taong pumupunta doon. Ang slim cut at fitted na pantalon na nagpapakita ng depinisyon ng katawan ng mga nagsusuot nito.* [23] *( kuha ng awtor)*



Larawan 2. *Mga grupo ng kabataan na karaniwang tinatawag na clan o tribe na nakatambay sa kalye ng madilim na bahagi sa pagitan ng Kalye Orosa at Kalye Alonzo ( kuha ng awtor).*


Mahihinuha sa karanasan ang bisa nitong phallonoptic na pagmamatyag. Minsan na akong nakaranas na matanong sa kalye Orosa na "Are you top or bottom?" Saka ko na lamang nalaman na isa pala itong partikular na posisyong seksuwal ng nagtatalik na kapuwa lalaki. Sa kalye Bocobo naman ay mainit ang pagtanggap sa akin na tila ba miyembro ako ng kanilang mga grupo. Mahigpit na yakap o di kaya ay *appear* ang karaniwang pagsalubong. Nagkataon namang lagi akong nakaitim at naengganyo na rin sa estilo ng aking buhok na nakakatulad ng iba pang estilo ng buhok ng naroon.

## Ang phallonopticism ay proseso ng *eliminasyon*, *seleksiyon* at *adisyon* ng kapangyarihan, pagnanasa, at pagtingin

Ang pagladlad ng katawan sa mga kalyeng ito bilang subheto at tuon ng pagmamatyag ay gumagamit ng mga espesipikong lengguwahe. Dito pumapasok ang proseso ng pagmamatyagan bilang selektibo, may eliminasyon o pagdagdag sa apirmasyon ng sarili at ng mga katoto. Parang makabagong teknolohiyang *Wi-fi* sa *computer*, may tinatawag ang mga tao ng Orosa na "gaydar."[24] Ang paghusga ng gaydar ay nadedetermina sa metalengguwahe ng palitan ng pagtingin, kilos, pananamit, at pangangatawan. May mga pagkakataong pumapalya ang gaydar lalo na kung hindi maaninag ng mga parametro ng gaydar ang pagkalalaki ng tinitingnan. Sa kadahilanan ding ang taong maaaring minamatyagan ay may karakter na "paminta" o mailalarawan bilang lalaking "pa-man-effect" o nagkikilos *straight*, o hindi pa ladlad. Dito na rin pumasok ang mga katawagang *booking,*[25] rampa,[26] *audition,*[27] *fishing,*[28] at *hook up*.[29] Ang mga ito'y maiiugnay sa *voyeurism, cruising,* at *flaneurism*. Intersubhetibo ang palitan ng mga pagnanasang ito sa Kalye Orosa na kapuwa umaayon sa politika ng pagmamatyag.

Dito na rin maririnig ang mga metapora ng mga taong naaabot ng gaydar na nakabatay sa pisikalidad tulad ng *hipon*[30] at *lollipop.*[31] *Hunk* ang isang kompletong paketeng may itsura at pangangatawan.

Ang mga pagkilatis na ito ay malaking manipestasyon na bahagi ng objektipikasyon ng mga lalaki sa kapuwa lalaki. Masalimuot na usapin ang politikal na dikotomiya ng sabjek at objek lalo na kung ikakabit dito ang konsepto ng sabjek bilang *honor* at objek bilang *shame* (Lancaster)[32] dahil intersubhetibo ang mga tinginan at pagpoposisyong hindi na lamang nakabatay sa seksuwalidad at pagnanasa kundi maging sa mga pangangatawan at iba't ibang panlipunang kategorya.



Larawan 3. *Halimbawa ng tinatawag na "hipon" (kaliwa) batay sa sabdyektibong pagnanasa ng tumitingin na may hubog ang katawan pero hindi guwapo at ang "lollipop" ( kanan) batay sa subhetibong pagnanasa ng  tumitingin na kabaliktaran ng "hipon." (Kuha ng awtor)*

Ang pagkilala sa mga *code* at metalengguwahe ay posibleng apilyasyon upang makapasok sa mga ekonomiya ng pagtingin at pagnanasa. Sa larawan ng dokumentaryo na aking nakalap, kapansin-pansin ang mga galaw ng mga tao sa Kalye Bocobo. Karaniwang makikita na habang kinukuhanan ng larawan ang mga kabataan ay lagi na lamang ibinibida ang kamay at daliri na nakataas ang hintuturo at hinliliit habang ang iba ay nakatiklop. Dalawa ang maaaring simbolismo nito: respeto o paggaya sa hugis ng sungay ng demonyo. Gayundin mapapansin sa larawan ang sign ng *dirty finger o f**k you* na nakita ko sa isang imahen ng isang sanggol na demonyong kulay pula na nakadispley sa Pyke's Jam. Mapapansin ang maliit na sungay at ang dirty finger sign ng kamay nito habang may hawak na malaking tinidor. Minsan ring pinapakahulugan ang PUNKS bilang daglat ng *"People Under the New Kingdom of Satan."* Isang mababaw na pagtingin kung iintindihin ito nang literal. Kung sisipatin ang mga galaw na ito ng mga kabataan, maaaring ituring ang estruktural na dikotomiya ng kabutihan at kasamaan. Maaaring maitalaga ang salitang kabutihan bilang pagsunod sa normatibong kaayusang panlipunan at ang kasamaan bilang subersiyon at paglabag sa normatibong kaayusan ng estado, batas, at moralidad.



Larawan 4. *Makikita ang mga sinyales ng kamay at daliri (ang F*** sign, bang- bang sign at devil sign) ng mga taong namamalagi sa Kalye Bocobo ay katulad ng postura ng "baby devil" na imahe ang sungay at ang sinyales din ng kamay. (Kuha ng awtor)*

Maituturing itong paglabag na esteryotipikong praktis ng sub-kultura. Inilulugar din ang larawan ng simbolismo hindi bilang espiritwal na salik kundi bilang popularisasyon at redepinisyon ng simbolismo ng subersiyon at kung ano ang astig o kulturang popular para sa kanila. Kapansin-pansin din sa mga taong ito ang *bang-bang sign* o senyas na inihuhugis baril ang daliri o kamay na esteryotipikong praktis ng mga grupong hip-hop. Maaaring malayang impluwensiya at apropriyasyon ito ng mga senyal at code na ipinalalaganap ng iba't ibang salik tulad ng media o konteksto ng *rumble* ng magkabilang panig. Sa mga pag-eetnograpiya sa espasyo, lagi na lamang nagka-karoon ng rumble sa magkabilang panig ng Kalye Bocobo. Ito ang girian ng West side at East side. Karaniwang nakatambay sa West side ang mga hiphop at sa East side ang mga punk, trasher, metal at iba pa. Ngayo'y hindi ko na napapansin ang bisibilidad ng mga hip-hop. Malay din naman ang mga taga-Bocobo kapag dumaraan sa kalye ng Orosa at alam nila kung sino ang dominanteng gumagamit ng espasyo nito. Sa kanilang pagmamapa, karamiha'y

hindi batid ng kapuwa gumagamit ng kalye ang espesipikong pangalan ng Kalye Bocobo o Kalye Orosa o ilang pangalan ng establisimyentong matatagpuan dito. Para sa mga tao sa Bocobo, mga bakla ang nasa Kalye Orosa samantalang para sa mga nasa Orosa, mga jologs naman ang nasa Kalye Bocobo. Okey lamang na tawagin ng isang "Bakla!" ang kapuwa bakla sa Orosa ngunit ibang usapin na kung *straight* na lalaki ang tatawag ng "Bakla!" sa ibang lugar. Panlalait na ito at maaaring pagsimulan ng basag-ulo.

Ang mga lengguwahe, kahulugan, at imahen ng katawan mismo ang nagiging mekanismo ng pagtatasa sa naratibo ng palabas. Ang katawan ang nagiging instrumento sa pagsala ng mga pinagnanasaan. Ang lahat ng nakikita ay kandidato upang matukoy ang pagpoposisyon at reapirmasyon at pagkilala sa sarili. Selektibo ang pagtingin o pumipili ng nais tingnan na posibleng elemento sa paghahabi ng saysay ng mga pagnanasa at maghuhulma ng kasaysayan ng identidad, kolektibidad, at alaala.

## Nakadepende ito sa pagnanasa ng tumitingin, samakatwid, ang mga kahulugan ay *binabasa(g), pinagtitibay* o *muling binibigyang imahinasyon*

Ang pormasyon ng sabjek at *empowerment* nito ay nabibigyang direksiyon ng biswal na kultura at imaheng nagpapaalala sa mga interes at pagnanasa batay sa mga signipikasyon at semyotika nito. Ang imahen, simbolismo, at ritwal bilang aparato ng pagbibigkis ng isang komunidad at kolektibong galaw ay tumatawag ng isang pinangarap na komunidad o *imagined community*. Sa kabila ng pagsasaisantabi ng lipunan sa mga lalaking ito, nakabubuo pa rin sila bilang sub-kultura ng isang *comfort zone* na nagpapadanas at nagiging lunan ng pagsasalo ng pakiramdam, sentimyento, at karanasan bilang kolektibong galaw. Ang imagined community ni Benedict Anderson ay hindi lamang tumutugma sa pagbuo ng nasyon kundi mailalapat din sa mga espesipikong komunidad ng mga panlipunang identidad.

Ang Kalye Orosa ang komunidad ng mga bakla. Makikita sa Orosa korner ng Nakpil ang mga establisimyentong tulad ng *Top and Bottom*. Nasa ibaba nito ang establisimyentong *O*, na kakikitaan ng eksotikong adbertisment ng mukha ng lalaki na nakatambad sa entrada ng bar. Tila binibigkas ng imahen nang may kalaswaan ang salitang "O" at binibigyang empasis ang bibig na may pulang letra O sa loob, nagpapahiwatig na maaaring may isinusubo nang pabilog.

Binibigyang empasis din ang mata na kulay pula at hugis O rin, at nabibigyang komplimento ng kabuuang itim at puting kulay at tekstura ng imahen. Ang lokasyon ng kulay pula at mata ay tila bumabagay sa karanasan ng mga taong kalimita'y pinaiiral ang pagtingin. Maaaring nagpapaigting ng sitwasyon ang kulay na pula, nagdiriin sa kasikipan, kasiyahan, pagmamahal, karahasan, at seks. Bago pa ang "O" ay naging bar pa ito na may pangalang *Red Banana*. Para sa mga berde (malaswa) ang utak, ang saging ay mapaglalaruan sa isip bilang ari ng lalaki.



Larawan 5. *Isang malaking adbertisment sa establisimyentong "O" sa pagitan panulukan ng Kalye Nakpil at Kalye Orosa. (Kuha ng awtor)*

Papasok pa nang kaunti ng Kalye Orosa korner Nakpil at makikita ang lagusang hahantong sa isang *atrium* na ligíd ng iba't ibang estruktura at establisimyento. Tatambad sa loob nito ang bandilang bahaghari, isang signipikasyon ng teritoryalisasyon ng espasyo. Ang sari-saring kulay na ito rin ang tanda ng pagsusulong ng karapatan, kalayaan, at dibersidad ng mga *LGBT*. Makikita dito ang establisimyentong *RainbowProject,* na dating bar na *New York*.[33] Kung isasalin ang Rainbow sa Filipino, nangangahulugan ito ng "bahaghari." Ang "bahag" ay tradisyonal na kasuotang saplot at proteksiyon sa ari ng lalaki samantalang katawagan sa pinakamataas na posisyong panlalaki ang "hari." Maaaring lumabas na doble ang signipikasyon ng titulo ng bar. Politikal ang una, bilang proyekto ng

pagsulong sa karapatan ng LGBT, at seksuwal o simbolo ng pagnanasa ang ikalawa.



Larawan 6. *Ang Rainbow flag na nakasabit sa isang establisimyento ng Kalye Orosa. Signipikasyon ito ng dibersidad ng mga kasarian gayundin ng teritor-yalisasyon ng espasyo bilang dominanteng ginagamit ng mga bakla. (Kuha ng awtor)*

Katabi nito ang disco bar na BED kung saan dominante ang maigting na kulay pula. Ang kulay pula ay maaaring simbolo ng *love*, *sex,* at *drugs*. Katangi-tangi dito ang laki ng CR ng lalaki kaysa sa babae sa ikalawang palapag. Sa tabi ng labasan ng BED ang *sex shop* na Pride Exchange. Sa pagbungad pa lang sa pinto, makikita na ang malaking bakal na *door knob* na hugis ari ng lalaki. Pinapaigting ng maliwanag na ilaw ang buong espasyo na nagtatampok sa mga manikin.

Sa korner ng Nakpil at Bocobo makikita ang nagsara nang Coyote Spirits.[34] Kilala ang bar na ito sa mga babaeng *ledge dancer* at kapag may espesyal na okasyon ay ang *bubble bath* ng mga babae sa kalye. Dito rin nakasabit ang ilang likhang-sining ni Ernie Tagle na mga pigura ng hubad na babae sa malalaking kuwadro at nakadispley sa ikalawang palapag. Bago ito magsara ay binago ang estilo ng marketing—nagpalabas sila ng mga lalaking nagsasayaw at nagmomodelo. Narito din ang *Supermen*, isang disenteng bar para sa mga babae at heteroseksuwal. Dito nakadispley ang mga *bachelor*

na larawan at pati na rin ang mga lalaking nag-iimbita. Sa Supermen nagpapalabas ang mga baklang *stand- up comedian*. Ang dating *Biology,* isang *gay bar,* ay ginawa ng *Pasyal* na may salin sa Koreano ang signboard. Dito nakadispley ang mga larawan ng mga babaeng GRO sa isang tarpulin.




Larawan 7. *Ang establisimyentong Pasyal na dati ay Biology Cafe sa Kalye Bocobo. (Kuha ng awtor)*

Suhestibo ang mga representasyon ng mga imaheng pangunahing pang-engganyo sa mga espesipikong pagnanasa. Normatibo ang mga imahen ng Kalye Bocobo dahil normal na nakikita ang mga ito; walang pag-aalinlangan sa pamilyaridad sa espasyo at ang koneksiyon sa kliyente kompara sa mga biswal na kultura ng Orosa na nagdidiin ng identipikasyon sa mga bakla kahit bukas ito para sa lahat. Ang pagguhit ng teritoryalisasyon sa pamamagitan ng intertekstuwal na imahen—direkta o hindi, maláy o di-maláy o maging imagined—ay pag-iiba o pang-eengganyo sa mga karanasan at sentimyento. Kinumpirma nito na masalimuot at hindi basta lamang ang pagtingin at ang pagpasok sa mga komunidad na ito. Ang paghahanap ng pinagsasaluhang mga interkoneksiyon ay kinakailangan nila lalo na seksuwal at panlipunang diskriminasyon. Manipestasyon din ito ng konstruksiyon ng mga imaheng nagiging gendered na diskurso.



Larawan 8. *Isang imahen ng lalaki at babae na nakadispley sa nagsara nang Spirits Coyote sa pagitan ng kanto ng Kalye Nakpil at Kalye Bocobo. (kuha ng awtor)*

**Ito ang kompetisyon o palitan ng pagtingin na may negosasyon, pagpapahiram, eksploytasyon o opresyon at pag-abuso (epistemiko, simboliko o pisikal) na batay sa katawan, panlipunang posisyon at tuntunin sa espasyo**

Magkasalikop ang dalawang katangiang ito ng phallonoptic. Nagpapaliwanag ang una ng pagbuo ng phallonoptic bilang resulta ng panlipunang konstruksiyon at estruktura. Nagpapaliwanag naman ang ikalawa sa manipestasyon ng phallonoptic at epekto nito sa mga taong gumagamit ng espasyo.

Paano ba ipinamamalas ang kumpigurasyon ng pagtingin, pagnanasa, at kapangyarihan bilang phallonoptic? Saang panlipunang kategorya ibinabatay ang mga pagpapalaganap ng mga pagganap na ito? Hindi kumakawala ang pagpapaloob ng operasyon ng Malate sa diskurso ng pang-ekonomiyang interes. Ang mga uri ng musika, paglalantad ng mga imahen, pag-aalok ng mga produkto at pamamaraan ng pagkonsumo ay kaakibat ng Weberian na rasyonalisasyon ng lipunan at kapitalismong global, kung saan ang

paggawa ay siyang nagsususog ng isang magandang buhay. Ang kita bilang teknolohiya na humuhubog ng mga espasyong ito ay umiinog sa moda ng produksiyon. Produksiyon man ng pagnanasa, biswal, gastos, kapangyarihan, seksuwalidad na gumagalaw sa moda ng palitan, sirkulasyon, diseminasyon, re/produksiyon, at re/presentasyon. Mahalaga ang subhetibidad sa ganitong pagtingin dahil ito ang nagbibigay aktibasyon sa masalimuot na kalakaran sa mga kalye. Samakatwid, interdisiplinaryo ang kondisyon at sintomas ng ekonomiya o produksiyon at ang diskursong sikoanalisis.

Mapapansin sa Kalye Orosa ang monetaryong palitan. May kamahalan ang karamihan sa mga produktong inihahain dito at nakalaan para sa mga kliyenteng propesyonal o *yuppie*. Mahihinuha ang dahilan ng pagtatayo rito ng mga pambihirang sex store tulad ng Top and Bottom at Pride Exchange. Marami na ang tumatawag sa ganitong ekonomiya bilang *pink economy*. May kalakihan ang demograpiya ng mga taong may *disposable income*. Palabas ang galaw ng salapi ng mga walang personal na pamilyang sinusuportahan at indirekta naman ang pagsuporta sa mga magulang o iba pang miyembro ng pamilya.

Sa Kalye Bocobo naman ay mapapansin ang murang pagbebenta ng mga alak sa mga establisimyento. Magandang balita ito sa bulsa ng mga taong madalas pumunta sa kalyeng ito, ang mga menor de edad at estudyante. Galing ang mga pera nila sa *allowance* o baong ibinigay ng mga magulang.[35]

Dahil kilalang espasyo ng kabaklaan, hindi maiiwasan ng Kalye Orosa na maging panturismong lugar para sa mga dayuhan, matanda man o bata, na siya ring seksuwal na ekonomiya ng Malate. Ang usapin ng lahi at kulay ay isang bentaha sa mga pagnanasa sa pagitan ng mga lokal at dayuhan. Kalimita'y tangay ng mga dayuhan ang esteryotipo ng eksotisismo at oryentalismong pagtatangi sa mga lokal. Palaging napapansin ang ilang dayuhang may ka-*date* na mga kayumanggi ang balat, payatin, may kabataan, o di kaya ay "effem." Ang mga dayuhan naman partikular ang matatanda, ay potensiyal na target ng mga *callboy*, dahil kung tutuusin ang ekonomiya nila ay hindi gaanong tumatalab sa mga lokal dahil sa malinaw na konsepto ng libre, *hook-up,* at *fishing*.

Malaya ang mga kalye sa aktibo at pang-ahensiyang pagbasa(g) at paggamit ng mga tao sa espasyo. Ang espasyo ang lokasyon ng kultural na pagpoposisyon ng mga magkakatunggaling panig. Ang

espasyo ng Malate ay *site/sight* rin ng subersiyon laban sa namamayaning kaayusan. Taunang ginaganap sa Kalye Orosa ang *White Party* tuwing Hunyo bilang pagdiriwang sa unang *gay liberation movement* na tinaguriang Stone Wall Riot sa New York.[36] Tema ng mga kasuotan ay puti o kostyum ng mga kilalang *gay icon*. Kapag Nobyembre, tinatawag itong Black Party, isang Holloween Party. Inoorganisa ang mga ito ng mga establisimyento ng Orosa. Madalas na isinasara ang mga kalye para sa *street party*.



Larawan 9. *Mga pangyayari at mga imahen sa Kalye Orosa na bumabasa(g) sa dominanteng kaayusang panlipunan partikular ang patriyarkalismo. (Na-download sa internet)*

Nagsusuot sila ng kostyum na mula sa iba't ibang imahen at icon para sa party. May manananggal, anghel, santo at santa, Darna, He-man, at iba pa. Dinadayo ito ng mga *drag, stand-up comedian, impersonator*—na sa normal na kalakaran ay hindi malimit na makita—at matitikas na lalaking *ledge dancers o modelo* sa entablado. Maraming pumapasyal at nanonood sa mga pagkakataong ito; mapa-heteroseksuwal, pamilya, tomboy, konserbatibo, bata, at iba pa. Ang mga katuwaan, kasiyahan, at *campiness*[37] na ito ay isang anyo ng pagbaliktad sa relasyon ng kapangyarihan sa namamayaning kaayusan.

Dagdag pa dito, may mga tema at programang nakalaan sa iba't ibang establisimyento tulad ng konsepto ng militar, *sailor, cowboy*, lalaking *superhero, construction worker,* at iba pang konseptong kalimitan ay patriyarkiya ang namamayani. Ang sistema ng *carnivalesque* at *parody* ay isa ring paglabag sa namamayaning kaayusan.

Sa normal na okasyon naman ay makikita na kalimitan sa mga taong ito ay hindi naman tumatangkilik sa mga establisimyento. Bagama't mura ng pagkonsumo ng alak, pinipili ng karamihan ng mga grupo/clan ang pagpatak-patak at bumili ng *Brandy, softdrink litro* at *plastic cup,* at pampulutan sa malapit na sari-sari store, Mini-stop o 7-11. Sa Kalye Bocobo korner Kalye Alonzo mag-iinuman at pagkaraa'y humahara sa daan.



Larawan 10. *Ang mga pangyayari sa Kalye Bocobo mula sa pagtambay sa kalye, pagkalango sa alak hanggang sa paghuli ng pulis sa mga kabataan ng kasong bagansiya.(kuha ng awtor)*

Isinasara ng Cognac ang gilid na bahagi ng tindahan na nakatapat sa pampublikong kalye. Tila normal na tagpo ang mga nagbabasag ng bote, sumusuka at nakahandusay sa gilid ng kalye dahil sa pagkalango sa alak, o di kaya ang takbuhan at *rumble*. Ang mga gulo ay karaniwang dahil sa angasan, banggaan ng paniniwala, trip-trip, o may nakursunadahang bagong salta. Normal daw ang lahat ng ito dito.[38] Mga taktika rin ng subersiyon sa namamayaning kaayusan, sa estado man o kita, ang mga galaw na ito.

May kontra-estratehiya ang namamayaning kaayusan ng estado. Dati-rati ang Kalye Orosa ay may kadiliman na nagpa-paigting at nagpapatingkad sa espayo bilang produksiyon ng

pagnanasa, *cruising area*, *intimate homosocial bonding,* at proksemika. Ngunit dumating ang oras na inilawan ito bilang bahagi ng proyektong Buhayin ang MayniLA, kaya nabawasan na ang nagpi-PDA sa mga espasyong ito. Ayon sa isang *cigarette vendor,*[39] dumalang tuloy ang nakikipaghalikan sa labas o naghahawak-kamay. Ang iba, sa takot marahil na makilala ay dumidiretso na sa establisimyentong pupuntahan. Ilang taon na ang nakararaan, maraming beses na na-raid ang mga establisimyentong may popular na *dark room.*[40] Bilang resulta, kagyat na namamatay ang nare-raid na lugar dahil sa mga imahen ng pagbabanta ng pagmamasid ng otoridad.

Sa kalye Bocobo ay isinagawa naman agad ng mga pulis ang *risk management*. May *mobile patrol* na umiikot dito. Bagama't kaunti na raw ang mga away kompara noon ay pinupuntirya naman nito sa kasong bagansiya ang mga umiinom sa kalye. Sa ganitong pagkakataon, kani-kaniyang takbo na ang mga tao o sumisilong sa *open bar* para hindi mahuli. Ang dulo ng bubong ng open bar ang nagtatakda ng linya ng pagiging ligtas ng mga kabataan sa panghuhuli ng pulis. Ang lumampas sa bubong ang tiyak na kandidato para maisakay sa police patrol mobile at idetene nang ilang oras sa presinto. Huwag lang makikitaan ng alak ay ayos na. Selektibo ang paghuli ng mga pulis sa mga pagkakataong ito. May isa pang grupong nagbanta na kapag hinuli ang kasama, bulto silang lahat na sasama sa police station.[41] (Iisa lamang ang police patrol cab ng pagkakataong marinig ko iyon). Sa pagdalaw ko sa police station, maliit lamang iyon at hindi magkakasya ang grupong nagbanta. Isa itong paraan ng kontrol at displina sa espasyo ng namamayaning kaayusan.

Sadomasokista ang tunggalian ng namamayaning kaayusan at ng mga taong nasa kalye dahil nakaamba ang mga kaparusahan at pagpupulisya. May malay o di-malay na kasiyahang mahihinuha sa paghamon at pagkuwestiyon sa otoridad at hindi nanga-ngahulugang ang pagpupulisya ay tuluyang pagpapatigil ng mga palabas ng dalawang kalye. Isa lamang itong pag-antala dahil hahanap at hahanap ng pamamaraan upang mailabas ang mga pagnanasa. Ang paghamon sa mga sektor ng kapangyarihan ay taktika at teknolohiya ng pag-aalsa at may normalisasyong posible na depende kung sino ang unang bibigay o kung ano ang moda ng negosasyon na gagamitin ng dalawang panig.

## Ang phallonoptiko ay fluid

Hindi obhetibo at estatiko ang pagtingin, pagnanasa, at kapangyarihan kundi reaksiyon sa iba't ibang puwersang panlipunan. Ang Kalye Orosa ay isa ring lugar kung saan ang lalaking kasal sa babae ay sikretong nahuhumaling sa kapuwa lalaki. Mayroon ding pagtatanghal ng sitwasyon ng pagtatapat at paglaladlad ng identidad at seksuwalidad ng isang lalaki sa kasintahang babae. May mga modelong straight na lalaki na binibigyan ng talent fee bilang ledge dancers. Isang malaki ring miskonsepesiyon na para lamang sa mga bakla ang mga sex store sa kalye Orosa. Dominanteng kliyente nito ang mga heteroseksuwal na magkarelasyon o babaeng ang asawa ay nasa abrod. Ang tanging binibili ng mga bakla rito ay mga *gay collection item*[42] o para sa *vanity*. May mga pagkakataon naman ayon sa aking dating nakapanayam na may straight na lalaki na pumatol sa paminta lalo na raw kung lango na sa alak.[43] Ang inuman ay nagiging sosyal na pampadulas upang palabuin ang mga papel ng pagkalalaki.

Bagama't walang teritoryalisasyon at eksklusibismo maliban sa mga signipikasyong biswal, maraming pagkakataong nagkukrus ng landas ang mga gumagamit ng espasyo ng Bocobo at Orosa dahil hindi maitatatwang functional pa rin ang gamit ng kalye bilang lagusan papasok at palabas. Sa kabila nito, nagiging malay ang mga taga-Orosa sa asal at galaw kapag dumadaan ng Kalye Bocobo. Minsan ay may kaakibat na *paranoia* dahil sa wala na sila sa kanilang comfort zone o di kaya ay dulot na rin ng homophobia ng mga tao sa dinadaanang kalye. Ang kalimitang lagusan ng dalawang natukoy na kalye ay Kalye Nakpil. Dito nagkukrus at naghahalo ang mga landas ng mga tao papunta at pauwi ng Malate.

Sa pagmamapa ng mga pagnanasa ng katawan, hindi maitatatwa na ang eliminasyon at seleksiyon ng mga phallonoptic ay nagbibigay pa ng pagkawala o invisibility sa ilang pagnanasa. Sa ilang taon ng pag-aaral sa mga kalye, maaaring itanong kung nasaan ang ibang pagnanasa? Ang namamayaning oryentasyon ng seksuwalidad sa Kalye Orosa ay Kanluranin. Ang mga drag, parlorista, effeminate/bakla at transvestite ay okasyonal ang pagpunta sa Kalye Orosa[44]. Wala sila rito dahil hindi ito ang hasaan ng kanilang pagnanasa. Ang mga *transvestite* naman na marunong mag-Nihonggo ay dating nasa dulo ng Nakpil corner Adriatico kung saan maramimg dayuhang dumadaan pero ngayo'y wala na

at pinalitan na rin ng mga *callboy* na siya ring sumasakop sa ilang bahagi ng Nakpil. Dati rati'y nakatambay ang mga callboy/masahista sa bungad ng Kalye Nakpil corner Taft hanggang Philippine Women University. Dahil may security guard na sa lugar ng PWU ay pumasok sila papaloob pa ng kalye Nakpil malapit sa Kalye Orosa. Ang mga batang baklang parlorista o *mga Maximo*[45] ay tila laging kasama ng mga kaibigang babae na kalimitang makikita sa Kalye Bocobo. Mayroon ring mga babae sa Orosa kasama ang mga baklang kaibigan o may pagkakataong nais lamang makaranas sa mga paminta. May baklang babae[46] rin dito, mga babaeng loud o nag-aastang bakla. Ang mga lesbiana, limang taon na ang nakakaraan ay mapapansin sa bar na La Dida sa Orosa[47] na ngayon ay hindi na rin makita. Sa naratibong ito ng galaw ng mga katawan batay sa dami ay siyang nagpapakita kung paano ang phallonoptiko ay fluid, flexible at nagbabago.

Para sa intersubhetibong pagtingin, may mga pagtalastas ng pagsasabwatan at pagbabanggaan bilang produksiyon ng kapangyarihan at ng represyon. Ang pagtingin sa Malate ay pabago-bago. Tinawag itong Soddom at Gommorah ng homophobic, sinabing patay na ang bohemyong elemento ng kalye. Nagsasabi naman ang iba na natutulog lang ito. Naging lunduyan na ito ng mga establisimyentong Koreano. Nagbukas ng mga panibagong espasyo tulad *Palawan* at *Starlite* sa Cubao na interesante rin ang hubog ng homososyalisasyon ng mga lalaking *straight* at bakla na pinaiigting rin ng konsumerismo, ang *Government* sa Makati, at mga spa sa maraming dako ng siyudad. Ang mga katoto sa kalye ng Bocobo ay panaka-nakang pagpapakita ng mga okasyonal na libreng konsiyertong *rock* sa iba't ibang lugar. Ang mga pagnanasang ito ay hindi matutunton kung hindi aktibo ang pagtingin bilang tagahulma ng kahulugan. Laging nariyan ang pagtinging sumusubaybay, nagdidisiplina, at kumakalap ng kaalaman sa bawat naratibo ng paghulma ng lipunan at tao. Kung sino ang tumitingin ay isang masalimuot na diskurso ng tunggalian at produksiyon ng asimetrikong relasyon ng kapangyarihan. Kung susundan ang interkoneksiyon ng pagtingin at palabas ito ay maaaring epistemikong itinatali sa paglabas (appearance) o maaari ring *outing* at pagpapakita (appearing). Kung ano ang mga palabas ng mga taong gumagamit ng kalye ay isang paglabas ng pormasyon ng identidad, paglabas sa parametrong iginuhit ng namamayaning kaayusan, at paglabas ng panibagong diskurso bilang isang (muling) pagpapakita ng kapangyarihang matagal na ibinaon ng namamayaning kaayusan.

## PAGLALAGOM

Bagama't ang operasyon ng tekstong ito ay nagbibigay ng mga leybel at kategorisasyon, layunin lamang nitong ipaliwanag ang dinamiko at bukas na posibilidad na kaganapan ng kasarian at seksuwalidad. Sa huli, ang mga ito ay mananatiling mga leybel lamang at nakasalalay sa pagpapasiya kung tatanggapin at hindi. Ang espasyo ng Malate at ang nabanggit na mga kalye nito ay masalimuot at kritikal, dahil ang operasyon at pakahulugan ng mga katawan sa espasyo ay maaaring tahimik na nagtataguyod ng epistemikong karahasan o *homophobia* o di kaya ay hegemoniya rin. Gayumpaman, malaki rin ang transpormatibong potensiyal ng espasyo sa patuloy na pagtanggap sa iba't ibang palabas na ito. Maaari rin itong magbadya ng pagkalusaw o paglabo ng mga hanggahan, terirtoryo, at kategorisasyon ng mga kasarian at seksuwalidad. Kung tutuusin ay isa lamang itong kultural na konstruksiyon at in(ter)bensiyon at konstruksiyon ng mga kapangyarihan. Ang mga tao sa Orosa, bagama't karamihan ay may kakayahang kumonsumo, ay nanatiling nakikipagtunggali sa namamayaning heteroseksuwal o patriyarkal na lipunan. Gayundin, ang mga taong nasa Bocobo, bagama't "straight" na lalaki ay nananatiling subkultura sa lipunan (ideolohiko man o materyal na kondisyon). Sila ay nasa mga kalye na may kultural na praktis na umuusbong.

Dalawa ang konseptong makikitang umiinog sa mga kalyeng ito ng Malate: ang konsepto ng kalayaan[48] at kaligayahan. Kung babalikan ang kantang "Happy" at ang bersiyon ng mga tao sa Kalye Orosa, makikitang kapuwa ito naglalatag ng diskurso ng paglaya. Konektado sa kanta ang tema ng hada at lalaki na may kalayaang naipapahayag, gayundin ang mga uri ng pagkalalaki—maliban sa (compulsory) normatibong heteroseksuwalidad at patriyarkiya—at ang kaligayahan na naipapahayag ng kanilang mga palabas. Ito ang ugat ng pakikipagtunggali ng mga lalaki sa espasyo ng dalawang kalye dahil dito nila naramdaman ang kalayaan at kaligayahan ng kanilang mga pagkalalaking itinago sa dilim. Ang pag-alis ng otoridad sa espasyong ito ay paghulagpos ng mga katawan at pagwawaksi ng karahasan sa mga alaala, paniniwala, at kaakuhan ng mga taong gumagamit sa espasyong ito.

Totoong maraming lalaki sa dalawang kalye ngunit hindi ibig sabihin na may pinagsasaluhan silang mga interes at pagnanasa. May

mga galaw at identidad silang dulot ng mga personal at sosyal na puwersa at mga negosasyon o tunggalian. Hindi buo ang diskurso ng (pagka)lalaki dahil sa loob mismo ng konsepto ng pagkalalaki bilang siko-sosyal na papel sa lipunan ay lunan rin ng opresyon, balintuna, at kontradiksiyon. May mga lalaki ring pumipiglas sa opresibong pagkakabalangkas nito bilang heteroseksuwal at patriyarkal. Nagtatampok ang Malate ng isang entablado na nagtatanghal ng ibang anyo ng kalayaan sa paghulma ng iba pang pakahulugan sa (pagka)lalaki patungo sa inaasam na kasiyahan sa perpormatibong naratibo ng lalaki.

Ang espasyo ang naglululan ng mga mga palabas ng (pagka)lalaki at mga biswal na praktis at sa kabuaan ang siyang nagbubunsod ng mga tangang representasyon at pakahulugan na mula sa iba't ibang sektor. Ang may kapangyarihang magbigay ng depinisyon sa partikular na paghubog na ito ay ang politiko-ekonomiya ng kita at estado, ang mga kategoryang panlipunan ng uri, lengguwahe, seksuwalidad, lahi, at etnisidad gayundin ang mga personal na pagbabaybay ng mga taong gumagamit nito na may tangan nang mga pagtingin, pagnanasa, at kapangyarihan. Nagsisilbing gendered ang pagtingin sa mga imahen, at pagpapalabas ng mga tao sa espasyong ito.

Ipinakita ang galaw ng dalawang kalye sa pagdalumat sa salitang phallonoptic bilang kategorya ng analisis na umiinog sa kumpigurasyon ng kapangyarihan, pagnanasa, at tingin. Sa lokasyon naghahayag ng mga tunggalian at digmaan hindi lamang pangkasarian pati na rin kultural, ekonomikal, at sosyal. Ang phallonoptic ay tila may dalawang talim. Una, opresibo ito na maaaring tangan din ng namamayaning kaayusan, ngunit estratehikong nakapagpoposisyon ng mga naiba, natahimik, at nasa laylayan. Samakatwid, ang aparato na ginagamit na opresyon ay siya ring aparatong ginagamit sa kritisismo at paglabag, at kalauna'y sa produksiyon ng paglaya laban sa diskriminasyon.

## MGA TALA

[1]Hada - ibig sabihin ay rampa, *cruising* sa kalye, o paghahanap ng makakatagpong seksuwal o makakaibigang estranghero.

[2]Ang salitang bakla sa tekstong ito ay operasyonal ang gamit bilang pantukoy lamang sa lahat ng lalaki na may pagnanasang seksuwal at erotik sa kapuwa lalaki. Ayon kay Neil Garcia, "This Tagalog word (bakla), functioned as an adjective to describe a significant albeit momentary state of confusion and fear. In this sense, it may be bakla cannot be made to fit the connotative container of Homosexuality since it overflows with signification of which the pages: western category of homosexuality cannot even begin to take cognizance" (113). Ayon naman kay Dr. Michael Tan, isang anthropologist, iba ang pagnanasa ng bakla sa *gay*. Ang bakla ay nagnananasa sa "tunay na lalaki" samantalang ang *gay* ay nagnanasa sa kapuwa lalaking nagnanasa rin sa lalaki (Lektyur. Anthropology 298 "Theory in Anthropology" July 17, 2007).

[3]Mula kay Raymond Williams na konsepto ng kultura. Makikita ang kanyang elaborasyon sa "Marxism and Literature," 1977 sa *Norton Anthology of Theory and Criticism*.

[4]Konseptong diniskurso ni Patrick Flores sa *Palabas* na maaari ring ang salin sa Ingles ay performance.

[5]Binigyang pakahulugan pa ni Allan P. Isaac ang konsepto ng palabas gamit si Flores.

[6]Basahin ang mga talakay ni Kosofsky ukol sa pagnanasa (1985, 2).

[7]http://www.iep.utm.edu/i/irigaray.htm#SH3a, na-download noong Setyembre 20, 2007.

[8]Gagamitin ang salitang pagmamatyag bilang pakahulugan sa politika ng surveillance.

[9]Tingnan sa talakay ni Pierre Bourdieu (1993, 5).

[10]Ang mga datos ay nagmula sa salin ng kasaysayan mula kay E.H. Blair and Robertson.

[11]Na-download na impormasyon mula sa http://www.elaput.com/brit1762.htm noong Oktubre 8, 2007.

[12]Ang mga datos ay nagmula sa salin ng kasaysayan mula kay E.H. Blair and Robertson.

[13]Personal na panayam kay Prop. Gerard Lico noong Setyembre 16, 2007.

[14]Panayam, Gerard Lico.

[15]Panayam kay Leo. Cognac, Kalye Bocobo, Malate, Setyembre 22, 2007 11:00am-12am.

[16]Tingnan mula sa pagdalumat ni Benedict Anderson ng "imagined community."

[17]isang disco bar sa Kalye Orosa, Malate.

[18]Mula sa panulat ng may-akda na nagpapaliwanag ng mga salamin at bubog ng mga tindahan tulad ng mga mall, coffee shops, MRT, bangko, fastfoods, at iba pa. Ang *unpublished* na teksto ay may pamagat na "Homorium, as a Technology of Consumer Society" 2005.

[19]Panayam kina Rain at Eric. Spyke's Jam, Kalye Bocobo, Malate. Setyembre 21, 2007, 3:00am-5:00am.

[20]"Mas bakat mas ayos." Panayam kay Chua, Henry, Manager, Pride Exhange, Kalye Orosa, Malate. Setyembre 18, 2007; 11:00pm.

[21]Ang pangangatawang tila madungis pero kaiga-igaya tulad ng steryotipikong carpenter, construction worker, driver, painter, waiter, bouncer, at iba pa.

[22]Ang salitang *homorium* ay terminong aking hinulma na nagpapaliwanag ng mga espasyong may istrukturang salamin o bubog na nagiging sisidlan din ng mga tao at aparato ng *visibility* ng katawan tulad ng mga coffee shops, malls, at iba't ibang industriyang pangkasiyahan. Makikita ang tekstong ito sa di pa nailalathalang *Homorium, Spaces of Consuming the Visible, 2006*.

[23]Ang metodo ng analisis na ginamit dito ay halaw sa teksto ni Reuben Cañete na Bench Underwear Ads and the Male Body, *Plaridel, A Journal of Philippine Communication, Media and Society*. Volume 2, No. 2, August 2005.

[24]Ito ay ang subhetibong nagdedetermina kung ang lalaking pumapasok sa kalye nila ay gay o hindi.

[25]*Booking* kung saan may ka-(blind) date na na-set sa naturang espasyo ng Kalye Bocobo o di kaya ay makikipagnegosasyon muna ng mga pagnanasa.

[26]Tila isang modelo na sinasabdyek ang sarili at nagpapakita sa mga mapagmatyag na mata upang makilatis ng ibang pumupunta roon.

[27]Katulad ng reality search sa telebisyon, ito ay proseso ng pagkakakilanlan at pagtitimpla ng mga kagustuhan o pagsubok kung saan maaaring maging potensiyal na negosasyon at pagtanggap ng kapuwa pagnanasa ng nagpapa-audition at ino-audition.

[28]Ang naghahanap ng tsansa na makikilala upang ikonsumo ang mga pagnanasa. Ang fishing ay maari ring mangahulugang "nangangamoy malansa," isang paghuhusga sa posibleng lalaking nagnanasa sa lalaki. Ang fishing ay hindi malayo sa bansag sa bakla bilang sirena.

[29]Matapos ang fishing, ang mga taong maaaring potensiyal na makasama sa pag- uwi upang maituloy ang pagnanasa.

[30]Tulad ng kinakaing hipon na iniiwan ang ulo at malinamnam ang katawan, nangangahulugan na ang pagnanasa ay nakasentro sa hubog ng katawan ngunit hindi sa ulo sapagkat hindi ito kaiga-igaya. Sa diretsahang sabi, maganda ang katawan pangit ang itsura.

[31]Kabaligtaran ng hipon, kinokonsumo ang itsura pero hindi ang pangangatawan.

[32]Basahin sa talakay ni Roger Lancaster na Subject Honor, Object Shame.

[33]Ang mga "gay" sa New York ay isa sa unang lungsod na nanawagan ng gender/gay liberation noong taong 1969.

[34]Nagsara na ang establisyamentong ito.

[35]Ang ganitong mga pag-analisa ay nakuha sa datos ng ginawang survey ng awtor.

[36]Tuwing buwan ng Hunyo ginaganap ang White Party.

[37]Ang pakahulagan ng camp ay mahihinuha sa teksto ni Susan Sontag *na " Notes on Camp."*

[38]Panayam. Hindi nagpakilala. Pyke's Jam, Kalye Bocobo, Malate. Setyembre 21, 2003, 4:00 n.u.

[39]Panayam kay Faye, cigarette vendor, Kalye Orosa, Malate. Setyembre 19, 1:00 n.u. – 2 n.u.

[40]Dark room - isang madilim na espasyo sa loob ng bar kung saan nagaganap ang iba't ibang uri ng pakikipagtapong seksuwal at pakikipagtalik sa mga minsa'y di kakilalang tao.

[41]Napakinggan habang nag-oobserba sa Kalye Bocobo korner Kalye Alonzo, Setyembre 22, 2007, Sabado, 3:32 n.u.

[42]Miss Universe collection, gay magazines, porn CD's, at iba pa.

[43]Panayam. Raymond. Oktubre 28, 2003, 2:00 n.u.

[44]Sa kasalukuyan ang mga drag, transvestite at transexual ay isa na sa mga pangunahing tagapag-bigay aliw sa mga bars partikular sa O at sa Bed. Sila ay mayroong mga regular na palabas sa ilang piling araw ng buong lingo.

[45]Maximo - mula sa tanyag na pelikulang "Pagdadalaga ni Maximo Oliveros." Isang esteryotipo sa mga effeminate na, *cross dresser* na mga bakla.

[46]Baklang babae - maaaring *hog fag* o tunay na babae pero galaw o asal bakla.

[47]La Dida - bago pa man maging Red Banana ang ngayong "O," La Dida ang naabutang pangalan ng establisimyento ng unang pananaliksik sa kalye.

[48]Kalayaan - mula sa salitang layaw o *bodily pleasure*.

## BIBLIYOGRAPIYA


Anderson, Benedict. *Imagined Communities: Reflections on the Origin and Spread of Nationalism*. rev. ed. London: Verso, 1991.

Berger, Maurice. *Constructing Masculinity*, New York: Routledge, 1995.

Betsky, Aaron. *Queer Space, Architecture and Same Sex Desire*. William Morrow and Company Inc. USA, 1997.

Bourdieu, Pierre. *The Field of Cultural Production: Essays on Art and Literature*. Ed. & trans. Randal Johnson, 1993.

E.H. Blair and Robertson. *The Philippine Islands 1493-1898 Events of the Philippine Islands, 1609,* Vol. 16, 1903.

Butler, Judith. *Gender Trouble Feminism and the Subversion of Identity*, New York: Routledge, 1999.

Cabalfin, Edson."Malabaklang Espasyo sa Arkitekturang Filipino: Estetika, Morpolohiya, Konteksto." *Tabi-Tabi Sa Pagsasantabi Kritikal Na Tala Ng Mga Lesbiana at Bakla Sa Sining, Kultura, at Wika*, Eugene Y. Evasco et al., mga ed. Quezon City: UP Press, 2001.

Evasco, Eugene et al. mga ed. *Tabi-Tabi Sa Pagsasantabi Kritikal Na Tala Ng Mga Lesbiana at Bakla Sa Sining, Kultura, at Wika*, Quezon City: UP Press, 2001

Foucault, Michel. *Michel Foucault Power*, Volume 3, Robert Hurley, trans. New York: New Press, 2000.

Gardiner, Micheal. *Critiques of Everyday Life*. New York and London: Routledge, 2000.

Garcia, Neil C. "*From Homosexual to Queer: A Survey of Western Lesbian and Gay Discourse*." Unpublished, 2003.

________________ "The queer and the bakla." *Slip/Pages: Essays in Philippine Gay Criticism,* Manila: De La Salle University Press, 1998.

________________ *"Redefining Masculinity" Slip/pages: Essays in Philippine Gay Criticism,* Manila: Dela Salle University Press, 1998.

Gell, Alfred. "The Technology of Enchantment and the Enchantment of Technology." *Anthropology, Art, and Aesthetics* J. Coote and A. Shelton, eds. Oxford: Clarendon Press, 1992.

Isaac, Allan Punzalan. "The Byuti and Danger of Performing Transgender and Transnational Belonging in Paper Dolls" (Bubot Niyar, Israel 2006) by Tomer Heymann, *International Conference on Philippine Studies,* Ateneo de Manila University, Manila, *2008*. Unpublished.

Leitch, Vincent. (General Editor). *Norton Anthology of Theory and Criticism*. Uni*versity of Oklahoma,* New York: W.W. Norton and Company, 2001.

Lancaster, Roger. "Subject Honor, Object Shame," *Masculity Studies Reader*. Oxford: Wiley-Blackwell Publication, 2002.

Mirzoeff, Nicholas. *An Introduction to Visual Culture*. London: Routledge, 1998.

Mulvey, Laura. "The Gaze" and "Visual Pleasure and Narrative Cinema," *Screen* 16.3, Autumn 1975.

Ongpin, Rafael A.S.G. "The Last Stand of Malate," *Malate A Matter of Taste*. Manila: Bookmark Inc., 2002.

Said, Edward. "Performance as an Extreme Occasion" *Musical Elaboration*. New York: Columbia University Press, 1981.

Sanders, Joel. "Stud: *Architecture of Masculinity,*" New York: Princeton Architectural Press, 1996.

Sedgwick, Eve Kosofsky. *Between Men, English Literature and Male Homosocial Desire.* New York: Columbia University Press, 1985.

_______________ *Tendencies*. Durham, North Carolina: Duke University Press, 1993.

Rolando Tolentino. "Richard Gomez at ang Mito ng Pagkalalaki," *Tabi-Tabi Sa Pagsasantabi: Kritikal Na Tala Ng Mga Lesbiana at Bakla Sa Sining, Kultura, at Wika*, Eugene Y. Evasco et al. mga ed. Quezon City: UP Press, 2001.

Susan Sontag. Notes on Camp "Againts Interpretation and Other Essay," New York: Picador USA, 2001.

Vance, Carol "Social Construction Theory and Sexuality," *Constructing Masculinity*. New York: Routledge, 1995.

Yambao, Clod. "Homorium as a Technology of Consumer Society." 2005-2006. (unpublished).

"Diksyunaryo ng Wikang Filipino." Manila: National Bookstore Inc., 1989.

## Internet

Lico, Gerard Rey "Architecture and Sexuality: The Politics of Gendered Space."http://journals.upd.edu.ph/index.php/humanitiesdiliman/article/view/74/56. Na-download 24 September 2008.

Flores, Patrick. "Palabas." *Journal of Contemporary Art,* Issue No. 11, March 2008. http://74.125.153.132/ch?q=cache:WbTZEVP7RRgJ:www.ctrlp-artjournal.org/pdfs/CtrlP_Issue11.pdf+palabas+patrick+flores+Journal+of+Contemporary+Art&cd=6&hl=en&ct+clnk&gl=ph. Na-download, 25 September 2008.

## Larawan mula sa Internet

"Bed Malate" http://guys4men.com/iewthread.php?tid=15522#pe. Na-download, 23 September 2007.

Doc Tony, "White Party 2007, Bare White" www.zenfolio.com/doctonyphotography, Na-download, 23 September 2007.

---

***Clod Marlan Krister V. Yambao** (b. 1983), is currently a faculty member of the Department of Art Studies, University of the Philippines Diliman. He is working for an MA in Art History in the same department, with a thesis about installation art in the Philippines. His paper on "Phallonoptic Malate" was based on his undergraduate thesis in BA Art Studies in 2005, and is a continuing research project. His fields of interest are gender and queer studies, cultural studies, performance, diaspora and migration, art theory and Philippine contemporary visual arts.*